

Mga Tanong tungkol sa Pamilya

Mga Kard ng Pag-uusap para sa Pagbuo ng Tiwala

Layunin: Ang layunin ng mapagkukunan na ito ay upang magkaroon ng mga ideya para sa mga tanong na maaaring gamitin ng mga guro sa mga pamilya ng mga nag-aaral ng maraming wika upang makatulong na bumuo ng tiwala at mga ugnayan ng pakikipagtulungan. Hindi ito isang komprehensibong listahan ng mga tanong kundi isang listahan ng mga ideya. Inilaan ang mga tanong upang magamit sa Template ng Kard ng Pag-uusap ng WIDA (WIDA Conversation Card Template).

Mga Tagubilin: Pumili ng ilang tanong na angkop sa iyong konteksto o gumawa ng sarili mong tanong. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng tanong. Isulat ang mga tanong na gusto mong gamitin sa Template ng Kard ng Pag-uusap, at pagkatapos ay i-print ang mga ito para sa iyong pag-uusap. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga kard ng pag-uusap sa panahon ng isang open house, pagbisita sa bahay, pagbisita sa isang organisasyon ng komunidad, kumperensya, o iba pang pormal o impormal na kaganapan o pag-uusap.

Mga Pagsasaalang-alang para Gamitin sa Mga Estudyante, Pamilya, at Miyembro ng Komunidad

- **Kasalukuyang antas ng pagtitiwala:** Isaalang-alang kung gaano kalaki ang inyong ugnayan habang ginagamit at ibinabahagi mo ang mga kard ng pag-uusap. Ang pagpipilit ng format na tanong-at-sagot sa maagang pakikipag-ugnayan sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad ay maaaring hindi sadyang lumikha ng presyon, kung saan nagiging dahilan ito para hindi sila maging kumportable sa halip na makaramdam na sinusuportahan sila.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa iba't ibang paraan:** Isaalang-alang ang maliliit na kilos na nagpaparamdam sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika na sila ay tinatanggap at pinahahalagahan. Gumamit ng mga simpleng pagbati sa kanilang sariling mga wika. Ibahagi ang sarili mong mga karanasan kung nag-aaral ka ng Ingles o migrante; ipakita ng pagiging mapagkumbaba, kahalagahan sa mga wika ng mga pamilya, at isang paninidigan sa pag-aaral kung wala sa dalawa. Makakatulong ito sa pagbuo ng empatiya at pagiging relatable. Kahit na ang maliliit na pagsisikap ay maaaring maging malaking tulong sa pagpaparamdam sa kanila na sila ay nakikita.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa paglipas ng panahon:** Ipakita na ikaw ay bukas at magiliw, at pinahahalagahan ang mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika sa pamamagitan ng maraming pakikipag-ugnayan. Nangangahulugan ito ng pakikinig sa kanilang mga kuwento at pangangailangan, pagtugon sa kanilang feedback at mga ideya, pagkonekta sa mga lugar na gusto nila, at pag-aalok ng mga oportunidad sa pakikipagtulungan. Gawing isang patuloy na gawi ang pagbuo ng ugnayan.

Mga Tanong para Gamitin ng Mga Guro sa Mga Pamilya

Pagsisimula ng Pagbuo ng Ugnayan

Ang Iyong Pamilya

1. Anong uri ng mga bagay ang gustong gawin ni ____ [pangalan ng bata]? Ano ang gusto ninyong gawin bilang isang pamilya?
2. Anong mga pamantayan sa pamilya o kultura ang mahalaga sa iyo? Maaari ka bang magbahagi ng isang kwento o halimbawa nito?
3. Anong mga karanasan ang mayroon ka na dapat naming malaman para mas mahusay na masuportahan ang iyong pamilya?
4. Ano pa ang gusto mong malaman namin tungkol kay ____ [pangalan ng bata] at sa iyong pamilya?

Mga Koneksyon sa Paaralan

5. Ano ang inaasahan mo mula sa aming paaralan? Ano ang gusto mong malaman tungkol sa aming paaralan?
6. Maaari ka bang magbahagi ng isang halimbawa ng isang tao sa aming paaralan na talagang pinagkakatiwalaan mo at bakit?
7. Ano ang inaasahan mong matutunan ni ____ [pangalan ng bata] sa taong ito? Ano ang iyong mga layunin sa wika para kay ____ [pangalan ng bata]? Ano ang iyong mga layunin sa pag-aaral para kay ____ [pangalan ng bata]?
 - a. Saan magaling si ____ [pangalan ng bata]? Ano sa palagay mo ang kailangang pagsikapang gawin ni ____ [pangalan ng bata]?
 - b. Ano ang pinakamahusay na paraan para masuportahan namin si ____ [pangalan ng bata] sa kanyang pag-unlad at pag-aaral ng wika? Sa pamamagitan ng pag-unlad sa panlipunan at emosyonal na aspeto?
8. Ano ang magagawa namin upang matiyak na ikaw at si ____ [pangalan ng bata] ay maramdamang malugod naming tinatanggap sa aming paaralan/silid-aralan?
9. Paano namin matutulungan si ____ [pangalan ng bata] na umunlad sa paaralan?

Mga Koneksyon sa Komunidad

10. Mayroon bang isang tao sa iyong komunidad o isang organisasyon na talagang pinagkakatiwalaan mo at tumutulong sa iyo? Maaari ka bang magbahagi ng isang halimbawa kung paano ka nakabuo ng pagtitiwala?
11. Anong mga mapagkukunan ng komunidad ang ginagamit mo sa kasalukuyan na maaaring makatulong upang maibahagi sa ibang pamilya?
12. Anong komunidad o iba pang mapagkukunan ang maaaring makatulong sa iyo?

Patuloy na Pagbuo ng Ugnayan

Ang Iyong Pamilya

1. Paano nabago ang mga interes ni ____ [pangalan ng bata] mula noong huli nating pag-uusap, kung nagbago man?
2. Sa huling pagkakataon na nag-usap tayo, sinabi mo na _____. Paano ito nagbago, o pareho pa rin ba ito?

Mga Koneksyon sa Paaralan

3. Kumusta ang mga bagay-bagay kay ____? (Magbahagi ng isang partikular na koneksyon sa paaralan na tinalakay mo sa nakaraan.) Ano ang maaari kong gawin para suportahan ito?
4. Paano nagbago ang iyong mga layunin sa pag-aaral, wika, at/o kultura para kay ____ [pangalan ng bata] mula noong huli nating pag-uusap, kung nagbago man?
5. Ano ang gumagana nang maayos sa ating pakikipagtulungan sa ngayon? Maaari ka bang magbahagi ng isang halimbawa?
 - a. Ano ang maaari naming gawin na naiiba para maramdaman mong narinig/malugod kang tinatanggap?
 - b. Kumusta naman ako pagdating sa pagsagot sa iyong mga tanong o pagtugon sa iyong mga pangangailangan?
 - c. Paano natin magagawang makipagtulungan pa lalo ang ating ugnayan?
6. Sa palagay mo ba natutugunan ng paaralan ang iyong mga inaasahan? Ano pa ang maaari nating gawin nang mas mabuti?
 - a. Anong mga pagbabago ang gusto mong makita upang magpatuloy sa pagbuo ng isang kultura ng pagtitiwala at paggalang sa pagitan ng paaralan at ng mga pamilya na nagsasalita ng maraming wika?